# 100%

## Ilaan ang Ating Pananalapi para sa Layunin ng Diyos



### WARM-UP

- Anu-ano ang mga gusto mong gawing libangan kapag wala kang ginagawa? Bakit mo gustong gawin ang mga ito?
- Natulungan ka na ba ng isang kaibigan na harapin ang isang pagsubok? Ano ang naramdaman mo ng tinulungan ka niya?
- Ano ang pinakamatinding pagpapasalamat ang pinakita sa iyo ng isang tao? Bakit hindi mo ito makakalimutan?

### WORD

[6]*Tandaan ninyo ito: Ang naghahasik ng kaunti ay umaani ng kaunti, at ang naghahasik ng marami ay umaani ng marami.* [7]*Ang bawat isa sa inyo ay magbigay nang ayon sa sariling kapasyahan, nang walang pag-aatubili, at hindi sapilitan, dahil mahal ng Diyos ang mga nagbibigay nang may kagalakan.* **2 CORINTO 9:6–7**

(Basahin din ang **2 CORINTO 9:1–5, 8–15.**)

Upang tulungan ang iglesya sa Jerusalem na labis na nangailangan pagkatapos masira ng gutom at pang-aapi ay pinakiusapan ni Pablo ang mga taga-Corinto na maglaan ng isang pag-aalay para sa kawanggawa. Hinikayat niya sila na ihanda ito ng maaga at ibukod upang magkaroon sila ng pusong mapagbigay kapag panahon na ng pagbibigay. Ngunit ano ba ang ibig sabihin ng pagkakaroon ng isang mapagbigay na puso at bakit ito mahalaga? Ngayon ay titingnan natin kung ano ang kagustuhan ng Diyos para sa ating pagbibigay at ano ang ibig sabihin para sa atin ng pagsasantabi ng ating pananalapi para sa pagiging mapagbigay.

## 1 Kailangan ay maluwag sa ating kalooban, masaya, at masagana tayong nagtatabi ng pwedeng ibigay upang makatulong sa nangangailangan.

*[5]Kaya nga naisip kong paunahin ang mga kapatid na ito sa akin para habang hindi pa ako nakakarating ay malikom na ang inyong mga ipinangakong tulong. At sa ganitong paraan, makikita ng mga tao na kusang-loob ang inyong pagbibigay, at hindi dahil napilitan lamang. [6]Tandaan ninyo ito: Ang naghahasik ng kaunti ay umaani ng kaunti, at ang naghahasik ng marami ay umaani ng marami. [7]Ang bawat isa sa inyo ay magbigay nang ayon sa sariling kapasyahan, nang walang pag-aatubili, at hindi sapilitan, dahil mahal ng Diyos ang mga nagbibigay nang may kagalakan.*

**2 CORINTO 9:5–7**

Ang Diyos ay mapagbigay. Ang Kanyang puso ay nag-uumapaw sa kasaganahan at sa kagustuhan na biyayaan ang Kanyang bayan. Ang Kanyang kabutihan ay nagbibigay-lakas sa atin upang maging mapagbigay din sa kapwa nang masaya at makatotohanan, hindi lang dahil obligasyon natin ito o napipilitan lang tayo. Kahit na wala pa tayong pagkakataon ay maaari na tayong maghanda at maging sadya sa ating pagbibigay. Tulad ng mga taga-Corinto na hinikayat na ihanda ang kanilang iaalay nang mas maaga para sa mga naghihirap sa Jerusalem, maaari rin nating ihanda ang ating mga puso at gawing nakasanayan ang pagtatabi ng bahagi ng ating mga pinagkukunan para sa iba. Ano ang sinasabi ng Kawikaan 11:24 tungkol sa pagiging mapagbigay? Naranasan mo na ba ang pagiging mapagbigay ng Diyos?

## 2 Ang masaya nating pagbibigay ay nagdudulot ng masaganang ani ng pagiging matuwid kung saan maraming tao ang magpapasalamat at magbibigay-karangalan sa Diyos.

*10Ang Diyos na nagbibigay ng binhi sa magsasaka at tinapay na makakain, ang siya ring magbibigay ng inyong mga pangangailangan para lalo pa kayong makatulong sa iba.*
*11Pasasaganain kayo ng Diyos sa lahat ng bagay para lagi kayong makatulong sa iba. At marami ang magpapasalamat sa Diyos dahil sa tulong na ipinapadala ninyo sa kanila sa pamamagitan namin.* **2 CORINTO 9:10–11**

(Basahin din ang **2 CORINTO 9:12–15.**)

Kahit na hindi natin malalampasan ang pagiging bukas-palad ng Diyos, kapag ginamit natin ang mayroon tayo upang tulungan ang kapwa ay hindi lamang nito napupunuan ang kanilang mga pangangailangan. Binubuksan nito ang pintuan upang kilalanin nila ang Diyos at makita ang Kanyang kamay na gumagalaw sa pamamagitan ng Kanyang mga tagasunod na maluwag na nagbibigay sa kanila. Napapalapit sila nito sa Diyos at hinihikayat sila na pasalamatan Siya, parangalan, at bigyang-luwalhati. Ito ay nagbubunga ng isang masaganang ani ng katuwiran na hindi makasarili. Paano ka ginamit ng Diyos na magbigay-pagpala sa kapwa ngayong taon? Ano ang sinasabi ng Salmo 112:9 tungkol sa taong nagbabahagi ng masagana?

Nais ng Diyos na biyayaan tayo at gamitin para sa Kanyang kaharian. Siya ang nagbibigay ng binhi para itanim natin at umani ng masagana. Nagiging kaligayahan ang pagbibigay dahil sa Kanyang biyaya na nagpapahintulot sa atin na maging daluyan ng biyaya sa mas marami pang tao. Hindi ito kailanman maging dahil sa ating mga ginawa. Ang lahat ng ito ay dahil sa Diyos at sa biyaya Niya na nag-uumapaw sa atin.

## APPLICATION

- Ano ang dapat nating maging ugali sa pagbibigay? Bakit mahalaga na ibukod natin ang bahagi ng ating pananalapi upang malaya tayong makapagbigay sa iba?
- Paano ka makakapamuhay na lubos na mapagbigay? Ano ang mga praktikal na paraan na iyong magagawa upang mabiyayaan ang mga nakapaligid sa iyo?
- Mayroon ka bang matutulungan sa iyong komunidad? Manalangin para sa mga pagkakataon na makakatulong sa iyo na maglingkod at makipag-ugnayan sa kanila.

## PRAYER

- Purihin ang Diyos dahil sa Kanyang nag-uumapaw na pagmamahal at biyaya. Pasalamatan Siya sa paghintulot sa iyo na maging kasangkapan ng Kanyang pagkabukas-palad.
- Magdasal sa Diyos at hilingin sa Kanya na ihanda ang iyong puso upang makapagbigay ka ng maluwag sa kalooban, ng may saya, at ng masagana kapag mayroong pangangailangan.
- Manalangin na lagi kang tatanaw sa Diyos at kilalanin ang Kanyang kamay sa lahat ng iyong ginagawa. Pasalamatan Siya sa paggamit sa iyo bilang daluyan ng Kanyang pagpapala at biyaya.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Charlene Cruz, Romeo Mercado

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.